



PAGTITIPID SA BUWIS NG ARI-ARIAN PARA SA MGA MAY-ARI NG BAHAY July 2015

PAGKALIBRE NG MAY-ARI NG BAHAY

Ang Pagkalibre ng May-ari ng Bahay [Homeowner's Exemption (HOX)] ay binabawasan ang mga buwis sa inyong ari-arian sa pamamagitan ng pagbawas ng hanggang sa \$7,000 mula sa inyong tinasang halaga bago ito maging buwis. Sa California, pinapayagan kayong humiling ng isa lamang na Pagkalibre ng May-ari ng Bahay. Mangyaring tingnan ang sumusunod na halimbawa para sa pagpapaliwanag.

Kung ang tinasang halaga ng isang ari-arian ay \$700,000, base sa tax rate na 1.188%, ang inyong dapat bayarang buwis ng ari-arian nang walang Pagkalibre ng May-ari ng Bahay:

$$\left\{ \begin{array}{l} \text{Tinasang Halaga:} \\ \$700,000 \end{array} \right\} \times \begin{array}{l} \text{Tax Rate:} \\ 1.188\% \end{array} = \begin{array}{l} \text{Dapat Bayarang Buwis} \\ \text{ng Ari-arian:} \\ \$8,316 \end{array}$$






Kung kuwalipikado kayo para sa isang Pagkalibre ng May-ari ng Bahay, hanggang \$7,000 ang mababawas mula sa inyong tinasang halaga. Kung gayon, ang inyong halaga na maaaring kuhanan ng buwis ay magiging \$693,000, kaya binabawasan ang mga buwis ng ari-arian sa \$8,233 na may Pagkalibre ng May-ari ng Bahay.

$$\left\{ \begin{array}{l} \text{Tinasang Halaga:} \\ \$700,000 \end{array} \right\} - \begin{array}{l} \text{Pagkalibre:} \\ \$7,000 \end{array} \times \begin{array}{l} \text{Tax Rate:} \\ 1.188\% \end{array} = \begin{array}{l} \text{Dapat Bayarang Buwis} \\ \text{ng Ari-arian} \\ \$8,233 \end{array}$$



IPAGBIGAY-ALAM SA AMIN UPANG ALISIN ANG PAGKALIBRE

Kapag mayroon na kayong aprobadong kahilingan (claim) na nasa talaan, hindi na ninyo kailangang ihain ito sa taunang batayan. Gayunman, dapat ninyong ipagbigay-alam sa amin kung ang ari-arian ay hindi na karapat-dapat dahil sa sumusunod na mga dahilan:

-  Ibinenta na ninyo ang ari-arian
-  Hindi na kayo nakatira sa inyong ari-arian
-  Ipinaupa ninyo ang ari-arian
-  'Permanente' na kayong lumipat sa isang pasilidad ng pinalawak na pangangalaga
-  Tinitirahan lamang ang inyong ari-arian bilang pangalawang tahanan.

Kung ganito ang kaso, mangyaring punan ang "Kahilingan upang Alisin ang Pagkalibre ng May-ari ng Bahay" ("Request to Remove Homeowner's Exemption") sa aming opisina (makukuha sa aming website).

Ang pagkabigong gawin ito ay maaaring magresulta sa mga multa.

PAANO MAG-APLAY PARA SA PAGKALIBRE NG MAY-ARI NG BAHAY?

Madali lang ang mag-aplay! Bumisita lamang sa aming website sa sfassessor.org at i-download ang Homeowner's Exemption Claim form. Kumpletuhin ang form at ipasa ito sa amin.

LISTAHAN NG PAGIGING KARAPAT-DAPAT:

- Kayo ang may-ari ng ari-arian
- Ang ari-arian ay inyong pangunahing tirahan
- Hindi na kayo tumatanggap ng pagkalibreng ito sa isa pang ari-arian sa California.

KAILAN DAPAT MAG-APLAY?

Mag-aplay sa lalong madaling panahon upang tumanggap ng buong benepisyo ng pagkalibre. Ang bagong may-ari ay dapat maghain ng kahilingan (claim) kahit na ang ari-arian ay tumatanggap na ng Pagkalibre ng May-ari ng Bahay (sa ilalim ng dating may-ari).

Kung ang inyong pagkalibre ay hindi natanggap sa takdang panahon, maaari kayong tumanggap ng bahagi lamang na benepisyo o magsimulang tumanggap ng benepisyo sa susunod na taon ng pananalapi.

**MADALAS NA MGA KATANUNGAN
[FREQUENTLY ASKED QUESTIONS (FAQS)]**

Q1: Tatanggap ba ako ng pagpapatunay na ipinagbibigay- alam sa akin na kuwalipikado ako para sa pagkalibre?

A1: Hindi, kayo ay hindi tatanggap ng karagdang sulat kung maging kuwalipikado kayo. Gayunman, tatanggap kayo ng isang paunawa kung ang inyong kahilingan (claim) ay hindi kumpleto o kung ang inyong kahilingan (claim) ay tinanggihan. Tandaan na maaari ninyong tingnan ang inyong taunang utang sa buwis ng ari-arian upang higit pang malaman kung tumanggap kayo ng pagkalibre (tingnan sa ibaba).


Q2: Mayroon bang karagdang mga pagkalibre sa buwis ng ari-arian para sa mga nakatatanda?

A2: May mga karagdang pagkalibre para sa nakatatanda na inaalok ng San Francisco Unified School District (SFUSD). Halimbawa, ang mga pagkalibre para sa Quality Education & Teacher Act at ang School Facilities Special Tax. Kung kayo ay isang nakatatanda na may edad na 65 taong gulang o pataas, maaari kayong maging kuwalipikado. Maaari kayong mag-aplay nang deretso sa SFUSD. Kontakin ang SFUSD sa (415) 355 -2203 o magpadala ng email sa seniorexemptionoffice@sfusd.edu

Q3: Maaari ba akong tumanggap nang sabay ng parehong Pagkalibre ng mga Beteranong May-kapansanan at Pagkalibre ng May-ari ng Bahay?

A3: Hindi, kayo ay magiging karapat-dapat lamang sa isa sa mga pagkalibren ng ito. Maaari kayong bumisita sa aming website upang higit na malaman ang tungkol sa Pagkalibre ng mga Beteranong May-kapansanan.

Suriin ang inyong utang sa buwis at tingnan kung tumatanggap na kayo ng Pagkalibre ng May-ari ng Bahay



City & County of San Francisco
 José Cisneros, Treasurer
 David Augustine, Tax Collector
 Secured Property Tax Bill
 For Fiscal Year July 1, 2014 through June 30, 2015

1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
 City Hall, Room 140
 San Francisco, CA 94102
www.sftreasurer.org

Vol	Block	Lot	Account Number	Tax Rate	Statement Date	Property Location
01	1234	123	123401230	1.1743%	11/24/2014	123 SANFR ST

Assessed on January 1, 2014
 To: Joe Taxpayer

Joe Taxpayer
P.O. BOX 123
SAN FRANCISCO CA 94100

Assessed Value		
Description	Full Value	Tax Amount
Land	24,376	286.24
Structure	22,772	267.41
Fixtures		
Personal Property		
Gross Taxable Value	47,148	553.65
Less HO Exemption	7,000	82.19
Less Other Exemption		
Net Taxable Value	40,148	\$471.46

Direct Charges and Special Assessments			
Code	Type	Telephone	Amount Due
29	RENT STABILIZATION	(415) 554-4452	72.00
70	GARBAGE LIEN (RES)	(415) 252-3872	390.34
89	SFUSD FACILITY DIST	(415) 355-2203	34.68
91	SFCCD PARCEL TAX	(415) 487-2400	79.00
98	SF - TEACHER SUPPORT	(415) 355-2203	224.56
Total Direct Charges and Special Assessments			\$800.58

Ang linyang ito ay nagpapakita ng Pagkalibre ng May-ari ng Bahay

“**” Pagtatatwa: Ang impormasyon sa dokumentong ito ay hindi ginawa bilang pagpapayo sa batas, ngunit dinisenyo lamang upang ipagbigay-alam sa publiko ang tungkol sa mga oportunidad sa pangtulong sa buwis na pinoproseso ng Opisina ng Tagatasa-Tagapagtala. Kung mayroon kayong anumang mga tanong tungkol sa inyong personal na pananalapi, inirekomenda na kumunsulta sa isang abogado o certified accountant.